

PAGSASAALANG-ALANG BAGO PALAWAKIN ANG IYONG NEGOSYO

Ang paglawak ng negosyo ay kailangan ang pagmamalasakit at masikap sa trabaho. Kahit na malaki o maliit ang negosyo, mayroon mga ilang pansarili at paksang isalang-alang sa pagpapalakad.

PANSARILING PAGSASAALANG-ALANG

Suriin ang motibo sa pagpalawak ng iyong negosyo at ang epekto sa iyong pansarili at buhay ng pamilya, bago sumugod. Pag-isipan:

- Handa ka bang magbigay ng mas maraming oras sa negosyo, kung kinakailangan?
- Naiintidihan ba ng iyong pamilya na kailangan mong magbigay ng maraming oras sa negosyo?
- Kailangan mo bang mamumuhunan mula sa iyong sariling kita?
- Maayos ba ang paglawak sa iyong maiksi o mahabang layunin sa negosyo?
- Sulit ba ang pagbalik ng kita sa iyong oras at pagpupunyagi?
- Magugustuhan mo pa ba ang negosyo?
- Handa ka bang tumanggap ng peligro?
- Mayroon ka bang sapat na katangian at abilidad na mamahala sa paglawak. Kung wala, saan ka kukuha nito?

Kung ang negosyo ay negosyong-pambahay:

- Ang pagdagdag ng trapiko sa iyong pamamahay ay maka-apekto ba sa iyong pribado o ng iyong pamilya?
- Magiging sagabal ba sa iyong kapitbhay? Mayroon regulasyon ang ilang munisipyo para sa lugar na residensiyal. Suriin ang mga sagabal o kailanganin bago magpalawak.

PAGSASAALANG-ALANG SA OPERASYON

Lumitaw sa pagsasaliksik na ang pangunahing dahilan sa pagbagsak ng negosyo ay kung hindi handa ang may-ari.

Naapektohan ang pagtubo sa pera, ang iyong kapasidad sa produksiyon at abilidad na magbigay ng serbisyo; tiyakin na ang iyong negosyo ay matatag. Mag-ingat na magsaliksik ng iyong ideya at isaalang-alang ang epekto sa iyong pamamalakad. Isaalang-alang kung ikaw at iyong grupo ay buong buhos sa pagpupunyagi.

Kung handa kang kumilos, tingnan ang pamamaraan sa pag-unlad ng negosyo at ilang pangkalahatang aktibo na sakaling kailangan mong gawin upang makamit ang iyong layunin.